# Tanong sa Aswang at iba pang tula

---

*Will P. Ortiz*

## Nang Magpatawag ng Pulong ang Hari

Batas ko ay buhawi,
Baunin ninyo ang muhi,
Bawat pumalag ay bunutin,
Buhay nila'y kitlin.

## Peace and Order ang kanyang pangalan

Espadang talahiban
Karayom na ulan
Kalansay ng pinaslang.

## Digma ng Droga

Naglaway na halimaw
Gutay na laman
Tumalilis ang araw.

## Anak ng Droga

Tugisin, adik na ama.
Damay man hawak na bata,
Hindi dapat mabahala,
mabangkay man, pisting yawa!

## Adik Ako, 'Wag Pamarisan

Lumangitngit na langit
Batang sa sako'y puslit
Dugo niyang pumisik
Karatulang may ngitngit.

## Sa Tanghaling Tapat

Tiktilaok ng manok
Marilim na pagkatok
buntot na binutata
Butiking binulagta.

## Tukbang 1: Saranggola

May biloy pa sa pisngi
Tangan-tangan ang pisi
Gatilyo ay gumiri
Saranggolang sinawi.

## Tukbang 2: Siyato

Nang paluin ang patpat
Katawan ay sinipat
Punglo ang nagsiyato
Ay! pumutok ang buho.

## Tukbang 3: Inakay

Sumiyap ang inakay
ang gatilyo'y nagsinsay
kahit saan ang pakay
pugad na luray-luray.

## Mamang Kay Lupit

Sunugin ang mga kulisap
bago pa makita ang liwanag.
Tanggalan ng paa ang tipaklong
'pagkat ayaw namang magpakulong.
Punitin ang pakpak ng paruparo
Hindi nila kailangang mangarap sa mundo.
Tanggalan ng utak ang bawat manumbat
Isang bala lamang ay sapat.

## Para kina Kian at sa Kanyang mga Kaibigan

Nakatingala lamang sa buwan
Sinasambit ang kislap ng pangarap
Tumutulay sa mga hagdang
Papunta sa pinilakang ulap
hiling maiuwi kapirasong rilag
hiling maiuwi kapirasong sinag
Ngunit bago maabot ang dulo
Hagdang binuo ay gumuho
Tinamaan ng mga punglo
Dahil sa batas ng buang na pinuno.

## Collateral Damage

Kung nais mong kumain ng dinuguan
Ay, talaga namang ganiyan kaibigan
Sa bawat operasyon nating maselan,
Talagang dapat na may mga mapaslang.
Nananahimik mang hayop sa babuyan
Kapag hintakot ay labis umatungal.

Sapagkat ang nais mo'y katahimikan—
Dali ka, paa nito'y talian.
Bibig nito'y iyong busalan.
Lansetang makinang,
Sa leeg itarak.
Dahan-dahan,
Ang dugo niya ay patuluin
Sa banyera ay iyong sahurin
Upang marami ang makinabang.
Sapagkat nais mong kumain ng dinuguan
Kailangan natin kaibigan, ang katayan
Upang manatili, kapayapaan ng bayan.

## Tanong sa Aswang

Tao po, haring inakupo
Halimaw ba ay nagkapuso?
Sikmura ninyo ay damuho
Panambitan ko ay sumamo
'Wag lamunin atay ko't dugo.

Tao po, haring inakupo,
Mahabang dila ninyo'y punglo
Ligis ang aming lama't buto,
Bakit dibdib ninyo ay buo
sa pagwakwak ng aming puso?

## Sagot ng Aswang

**I'll kill you.**
Putangina *ninyo*!
**This will be your last "Merry Christmas!"**
Ang kamatayan mo'y aking panghimas.

## Pakli ng mga Pinaslang

Nanlilisik na buwan
nangungulilang hukay
sa hari'y kumakaway
karit na naghihintay.